SECRETARY EMMANUEL DE GUZMAN
Climate Change Commission

CCC PLEDGE OF COMMITMENT IN SUPPORT OF INDIGENOUS PEOPLES

IP LUZON CLUSTER CONVERGENCE SUMMIT
6 July 2018
Philippine International Convention Center

Mahal naming Cabinet Secretary Jun Evasco; kapwa-manggagawa sa gobyerno; minamahal nating mga lider at miyembro ng mga katutubong lipi sa buong bansa: Isang magandang umaga po sa inyong lahat.

Marami pong salamat sa pagkakataong ito na ang Climate Change Commission ay makadaum-palad ninyo at makalahok sa pambansang programa para sa kapakanan at matatag na kinabukasan ng ating mga katutubo.

Maaalala po ninyo na noong 2013, nakaranas ang Pilipinas ng matinding pinsala dulot ng bagyong Yolanda na kumitil sa 6,300 na buhay at sumira sa mahigit 89 bilyong pisong halaga ng imprastraktura at kabuhayan.

Buhat pa man noong 2009, patuloy na tayong binabayo ng mga malalakas na bagyo. Andyan po ang mga bagyong Ondoy, Pepeng, Sendong, at Pablo na kumitil din ng higit sa 3,000 katao, puminsala ng mahigit sa 10 milyong mga Pilipino, at nagdulot ng matinding pagkasira sa ekonomiya na umabot sa US$ 5.7 billion.

Ayon sa mga siyentipiko, marami pang parating na ganitong krisis dahil sa walang humpay na pag-init ng mundo.

Marapat lamang na mabigyan ng lubos na pansin at serboisyo ang mga katutubo. Kabilang kayo sa mga lubos na maapektuhan ng nagbabagong klima at ng mga pagbabago sa kapaligiran at kagubatan at mga lupaing inyong pinamamahayan.

Dahil dito, kami po sa Climate Change Commission ay lubos na sumuporta sa karapatan ng ating mga katutubong lipi na pangalagaan at pagyamanin ang kanilang mga tradisyunal na lupain o ancestral lands. Ito po ang aming paninindigan.

Bukod dito, kami po ay bumuo ng isang balangkas na batay sa pananaw, karanasan at kultura ng ating mga katutubong lipi, lalong-lalo na yung mga kaisipan at kagawian na may kinalaman sa kalikasan. Ito ay alinsunod sa isang Resolusyon ng Komisyon na napagtibay nitong bungad ng taong 2018, Tinawag po naming itong Comprehensive Integrated Climate Change Adaptation and Resilience Program for the Indigenous Peoples o “CICARP.”

Ang CICARP po ay resulta ng mahigit na isang taong konsultasyon sa ating mga katutubo. Ito po ay panimulang naisakatuparan noong isang taon sa Mt. Pulag sa mga bayan ng Bokod, Kabayan, Buguias sa Benguet, Kayapa sa Nueva Ecija at Tijoc sa Ifugao. Ito po ay kasalukuyang isinasakatuparan sa Visayas at Mindanao at ito ay may limang (5) tampok na katangian.

Unang-una po, sa pamamagitan po ng CICARP, itinatanghal ang tuluyan at sama-samang konsultasyon at aksyon sa bawat problemang hatid ng nagbabagong klima. Ito po ang tinaguriang "multi-stakeholder convergence" na pagsasakatuparan lamang ng "whole-of-government" approach ng ating Pangulong Rodrigo Roa Duterte.

Pangalawa, direkta po nating inihahatid ang mga "adaptation programs" na kailangan ng mga IPs sa tulong ng mga national government agencies.

Katuwang ang iba't ibang ahensya ng gobyerno, LGUs at pribadong sektor, layunin po ng CICARP na makapaghatid ng serbisyong agad na makatutulong sa mga katutubo na naaayon sa pitong tema ng National Climate Change Action Plan: sapat na suplay ng pagkain (food security), tuloy-tuloy na serbisyo ng malinis na tubig (water sufficiency), sustainability sa ating ecosystem at kapaligiran, seguridad at kaligtasan ng bawat mamamayan (human security), enerhiya (sustainable energy), serbisyong angkop at ligtas sa kasalukuyang estado ng panahon (climate-friendly industries and services), at pagpapaigting sa kaalaman at kapasidad ng bawat isa (knowledge and capacity development.)

Para sa pagkain at tubig ~

Nais namin na maipalaganap ang mga produkto o pagkaing nagmula sa ating mga IP communities at magtayo ng community food gardens. Mas makabubuti rin kung makapaglagay tayo ng dagdag na rainwater harvesters at water catchment facilities for climate-adaptive agriculture na nakalinya sa kaalaman at kasanayan ng mga IPs. Sa ganitong paraan, nagagamit natin ang tubig-ulan at hindi tayo kinakapos sa tubig.

Para sa kalikasan at kapaligiran ~

For environmental sustainability, magbibigay po tayo ng tulong teknikal upang mabigyan ng sapat na kaalaman ang ating LGUs at IPs sa usapin ng ecological solid waste management. Alam po ninyo, malaking problema ang hatid ng di wastong pagtatapon ng basura sa ating kalusugan at kapaligiran.

Para sa enerhiya ~

Sisikapin din po nating mabigyan ng kuryente ang mga komunidad na malalayo sa bayan – nasa mga isla at kabundukan – na magpasahanggang ngayon ay wala pa ring kuryente, lalong lalo na ang mga paaralan, sa pamamagitan ng solar electricity.

Nagawa na po natin ito sa Bokod National High School, Abucot National High School at Abucot Elementary School, at sinisikap po natin na marami pa ang mabigyan at makinabang.

Para sa trabaho at kabuhayan ~

Maglulunsad ho tayo ng resilient livelihood training programs para sa mga kababaihan at retooling para sa mga magsasaka sa pamamagitan ng ating Clumate Field School trainings for adaptive farming and master plan development.

Para sa kaalaman at kasanayan ~

For knowledge and capacity development, magsasagawa tayo ng patuloy na capacity building and training, and information and education support sa mga IPs on climate change adaptation and mitigation, disaster risk reduction, at sustainable development planning.

Upang mapanatili ang katatagan ng ating mga IPs sa nagbabagong panahon, we will sponsor special trainings for the IPs on developing their proposals on climate change adaptation projects na maaaring pondohan ng Peoples Survival Fund. Upang maisakatuparan ito, makikipagtulungan ang Komisyon sa malalaking unibersidad sa Luzon, gaya ng University of the Philippines system, Central Luzon State University at Bicol University.

Pangatlo, sa pakikipagtulungan ng akademya, maghahatid tayo ng special skills training sa ating IP communities on climate-resilient livelihood.

Kamakailan, napagtibay natin ang ating relasyon sa National Commission on Indigenous Peoples tungkolsa mga programa at proyekting mah kinalaman sa IPs on capacity building upang mas mapagtagumpayan pa nila ang laban kontra sa nagbabaging panahon.

Malinaw na nakasaad sa ating MOA ang layunin ng Komisyon na makipagtulungan sa CHED at Higher Educational Institutions (HEIs) upang makapagbigay ng capacity building and training sa ating mga IP leaders and members of indigenous cultural communities.

Mula rito, bubuo tayo ng isang academic networking at local experts na maaaring maging tagapagsalita sa mga trainings.

Pang-apat, lalo pa kaming magpupursigi na maprotektahan at maisalba ang ating kapaligiran upang higit na mabigyan ng seguridad ang mga IP.

Handa ang CCC na maghatid ng technical assistance sa ating mga LGUs and IP communities upang matulungan sila sa pagbuo ng kanilang Indigenous Peoples Climate Change Action Plan (IPCCAP) na siya ring isasama sa Ancestral Domain Sustainable Development Protection Plan and the LCCAPs ng LGUs.

Panghuli, para sa tulong na pondo pamproyekto, pagsusumikapan nating magamit ang mga pondo at iba pang kagamitan mula sa ating

development partners sa loob at labas ng bansa upang mas mapabuti ang antas ng pamumuhay ng ating mga IP.

Layunin naming sa komisyon na mabigyan ng pagkakataon ang mga IP na maramdaman ang benepisyong hatid ng mga programang pinondohan ng Green Climate Fund at maging bahagi ng mga proyekto sa ilalim ng Peoples Survival Fund.

Mga kababayan, sa pagtahak natin ng landasing ito, patuloy tayong hinahamon na isaalang-alang kanilang mga natatanging pangangailangan sa lahat ng ating mga programang pang-kalikasan.

Asahan po ninyo na patuloy na magsisikap ang Komisyon sa Pagbabago ng Klima (Climate Change Commission) upang mabigyan ng oportunidad ang bawat miyembro ng IPs na hasain pa ang kanilang mga potensiyal bilang mga mandirigma ng panahon.

Hangad po ng Komisyon ang todo asenso ng mahal nating mga IP.

At dahil dito, kay Cabsec Evasco, todo suporta po kami sa programa ninyo para sa ikabubuti at ikauunlad ng buhay ng mga IP.

Muli, maraming salamat po at mabuhay tayong lahat.